Pagbabawas ng mga peligro sa expatriate na pag-aampon - Mapagkukunan Na Kagamitan

Halina kayo sa pagtunghay ng kagamitan sa Intercountry na Pag-aampon

Pinipili ng ilang mga Australyano na mag-ampon ng mga bata mula sa ibang mga bansa.

May 2 klase ng pag-aampon sa ibayong-dagat – intercountry at expatriate na pag-aampon.

- Ang intercountry na pag-aampon ay kapag ang isang Australyano (na nakatira sa Australya) ay nag-ampon ng isang bata mula sa ibayong-dagat na ipinadaan sa pamamagitan ng mga awtoridad sa pag-aampon ng Australya.
- Ang expatriate na pag-aampon ay nangyayari kapag ang isang Australyano ay nag-ampon ng isang bata habang siya ay nakatira sa ibayong-dagat. Itong paraan ng pag-aampon ay may maraming mga kaakibat na peligro.

Ang mga Australyanong nagnanais na mag-ampon ng bata mula sa ibayong-dagat ay dapat padaanin ito sa pamamagitan ng napapangasiwaang programa ng Intercountry na Pag-aampon ng Australya (Australia's Intercountry Adoption) (ICA).

Sa pamamagitan ng programang ICA, ang Australya ay may napapangasiwaang intercountry na pag-aampon na kabakas ang ilang mga bansa na sinusunod ang mga prinsipyo ng Hague Adoption Convention, na isang internasyonal na kasunduang may pakay na:

- protektahan ang mga bata at kanilang mga pamilya laban sa pagkakalakal ng tao (trafficking) at sa hindi legal at walang kaayusan na mga pag-aampon sa ibayong-dagat.
- tiyakin na ang intercountry na mga pag-aampon ay mangyayari para sa pinakamahusay na kahihinatnan ng bata.

Hindi hinihikayat ang expatriate na mga pag-aampon nang dahil sa malaking mga peligro ng bawal sa batas at sa hindi legal na mga kinagawiang gawain. Ang expatriate na mga pag-aampon ay hindi sumusunod sa mga kaparehong pananggalang nang katulad sa Hague Adoption Convention.

Itong kagamitang ito ay may sari-saring mga digital na mapagkukunan na maaari mong ibahagi sa iyong mga kaugnayan upang ipamalita ang tungkol sa programa ng Intercountry na Pag-aampon ng Australya at ang tungkol sa mga peligrong kaakibat sa expatriate na pag-aampon.

Tulungan mo kaming ikalat ang mensahe

Ang karamihan sa mga nag-aampon na magulang ay mababuti ang intensyon. Ngunit maaaring hindi nila nauunawaan ang mga kaugnay na kahirapan at peligro sa mga kinagagawiang gawain sa ibayong-dagat tungkol sa pag-aampon, kabilang ang, sa mga ganitong pag-aampon ay maaaring hindi kinikilala sa Australya.

Mahalagang nauunawaan ng mga nagbabakasakaling magulang na nag-aampon ang mga paghamon at peligrong kanilang mapapasukan.

Hinihiling namin na ibahagi ninyo ang mga kagalingan nitong kagamitan sa inyong mga kaugnayan, upang maipataas pa ang kaunawaan tungkol sa intercountry na pag-aampon at ang mga peligro sa expatriate na pag-aampon. Para mapadali ang pakikipagbahagi, maaari mo ring tunghayan ang mga mapagkukunan sa website ng Department of Social Services, Expatriate Adoption Webpage

Ano ang napapaloob sa kagamitang ito

Sa kagamitang (toolkit) ito, matatagpuan mo ang hanay ng mga materyales na maaari mong ipakalat sa iyong panloob at panlabas na mga tagasubaybay.

Kabilang sa mga ito ang sari-saring mataas na kalidad na makikitang digital na mga gamit (tool). Ang mga gamit ay idinesenyo para sa madaling pagbabahagi sa iyong website, mga plataporma sa sosyal medya, pagpabalita at pisara ng paunawa. Maaari mo ring pagsamahin ang mga gamit na ito sa iyong mga patuloy na aktibidad at mga diskusyon sa sirkulo ng iyong tagasubaybay at komunidad.

Ang kagamitan ay naglalaman ng:

- Mga mahahalagang mensahe
- Mga nilalaman at tisa ng sosyal medya
- Papel pambalita / nilalaman ng website
- Mga ugnayan (links) sa ma-impormasyong video.

Mga mahahalagang mensahe

Ang sumusunod na mga halimbawa ng mahahalagang mensahe ay naririto para makatulong sa iyong pakikipagtalakayan sa mga nagbabaka-sakaling magulang na nag-aampon gamit ang intercountry na pag-aampon at sa mga peligro ng expatriate na pag-aampon.

- Hangga't maaari, ang isang bata ay dapat palakihin sa bansang kanyang sinilangan at ang intercountry na pag-aampon ay dapat lang mangyari kung walang makukuhang mga lokal na solusyon. Ang prinsipyong ito ay ipinapakita sa mga polisiya ng intercountry na pag-aampon ng Australya.
- Makapag-aampon ang mga Australyano mula sa ibang mga bansa ayon sa ilang mga kaganapan. May 2 klase ng mga pag-aampon sa ibayong-dagat – intercountry at expatriate na pag-aampon.
- Ang intercountry na pag-aampon ay kapag ang isang Australyano (na nakatira sa Australya) ay nag-ampon ng isang bata mula sa ibayong-dagat na ipinadaan sa pamamagitan ng mga awtoridad sa pag-aampon sa Australya.
- Ang expatriate na pag-aampon ay nangyayari kapag ang isang Australyano ay nag-ampon ng isang bata habang siya ay nakatira sa ibayong-dagat. Itong paraan ng pag-aampon ay may maraming kaakibat na peligro.

- May mga malalaking peligro kapag mag-aampon bilang isang expatriate. Ang mga awtoridad ng Australya ay hindi makakapagsagawa ng mga karaniwang pagtatasa at pag-aapruba na kinakailangan ng mga batas sa Australya.
- Kapag itinuloy mo ang isang expatriate na pag-aampon, ang mga kalagayan sa pag-aampon ay maaaring hindi tumutugon sa mga kinakailangan ng imigrasyon para ang bata ay makapasok sa Australya.
- Dagdag pa rito, ang kaayusan sa pag-aampon ay maaaring hindi legal na kinikilala sa ilalim ng mga batas ng estado o teritoryo.
- Mahalagang nauunawaan mo ang kaugnay na mga seryosong legal at etikong peligro kapwa sa iyong sarili at sa bata na binabalak mong ampunin. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang Expatriate adoption factsheet | Department of Social Services at Going overseas to adopt a child | Smartraveller
- Ang mga Australyanong nagbabalak na mag-ampon ng isang bata mula sa ibayong-dagat ay dapat na padaanin ito sa pamamagitan ng napapangasiwaang Programa ng Intercountry na Pag-aampon ng Australya.
- Itong programa ay sumusunod sa Hague Adoption Convention at may pakay na protektahan ang mga bata at ang kanilang mga pamilya laban sa pagkakalakal ng tao (trafficking), at sa hindi legal at walang kaayusan na mga pag-aampon sa ibayong-dagat.
- Ang Australya ay may pinapangasiwaang intercountry na pag-aampon na kabakas ang mga bansa na sumusunod sa mga prinsipyo ng Hague Adoption Convention. Bisitahin ang Partner countries | Intercountry Adoption para sa karagdagang impormasyon.
- Ang Intercountry Adoption Australia ay makapagbibigay sa iyo ng impormasyon at suporta para makatulong sa iyong lalakbayin tungo sa pag-aampon.
- Ang pag-aampon ng isang bata mula sa ibayong-dagat ay maraming haharaping mga paghamon. Mahalagang pag-isipan mo kung ang intercountry na pag-aampon ang nauugma para sa iyo at iyong pamilya.
- Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng Intercountry Adoption Australia www.dss.gov.au/intercountry-adoption.

Papel pambalita /website

Ang nilalaman sa ibaba ay para ibahagi mo sa iyong papel pambalita o sa iyong website. Maging malaya na baguhin ito para bumagay sa iyong piniling istilo.

Ikaw ba ay isang Australyano na nagnanais mag-ampon ng bata mula sa ibayong-dagat?

Hangga't maaari, ang isang bata ay dapat palakihin sa bansang kanyang sinilangan. Subali't ang intercountry na pag-aampon ay isang mapagpipilian kung walang makukuhang mga lokal na solusyon.

Pinipili ng ilang mga Australyano na mag-ampon ng mga bata mula sa ibang mga bansa.

May 2 klase ng mga pag-aampon sa ibayong-dagat, intercountry at expatriate na pag-aampon:

- *Ang Intercountry na pag-aampon ay kapag ang isang Australyano (na nakatira sa Australya) ay nag-ampon ng isang bata mula sa ibayong-dagat na ipinadaan sa pamamagitan ng mga awtoridad sa pag-aampon ng Australya.*
- *Ang Expatriate na pag-aampon ay nangyayari kapag ang isang Australyano ay nag-ampon ng isang bata habang siya ay nakatira sa ibayong-dagat. Itong pamamaraan ng pag-aampon ay may maraming mga kaakibat na peligro.*

Sa isang expatriate na pag-aampon, ang mga Australyanong awtoridad sa pag-aampon ay hindi makakapagsagawa ng mga karaniwang pagtatasa o pag-aapruba na kinakailangan ng batas ng Australya. Dahil sa walang ganitong mga pagsusuri, ang pag-aampon ay maaaring hindi tumutugon sa mga legal na kinakailangan para kilalanin ang bata sa pagbabalik sa Australya.

Ang karamihan sa mga nag-aampong magulang ay magaganda ang intensyon. Ngunit maaaring hindi nila nauunawaan ang mga kaugnay na seryosong legal at etikong peligro sa ganitong klase ng pag-aampon. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang pahina sa pag-aampon sa Smartraveller website.


Upang matiyak na ang iyong pag-aampon ay naisagawa nang ligtas at sa pinakamagaling na kahihinatnan ng bata, ikilos-pasulong ito habang nakatira ka sa Australya sa pamamagitan ng Programa ng Intercountry na Pag-aampon (Intercountry Adoption Program).


Sinusunod nitong programa ang Hague Adoption Convention. Pakay nitong maprotektahan ang mga bata at ang kanilang pamilya laban sa pagkakalakal ng tao (trafficking), at sa mga hindi legal at walang kaayusan na pag-aampon sa ibayong-dagat.

Panoorin itong video upang madagdagan ang kaalaman o bisitahin ang https://www.dss.gov.au/intercountry-adoption.

Mga nilalaman at tisa sa sosyal medya

Ang piniling mga tisa sa sosyal medya at kasamang nilalaman nito ay binuo para sa iyo upang ibahagi mo sa iyong mga channel, na magagawa mong i-tweak nang ayon sa gusto mong istilo.

Paksa	Halimbawang kopya	Tisa
Pagkukumpara sa 2 klase ng pag-aampon	Nagbabalak na mag-ampon ng bata mula sa ibayong-dagat? May 2 klase ng pag-aampon sa ibayong-dagat, intercountry at expatriate na pag-aampon: • Ang intercountry na pag-aampon ay kapag ang isang Australyano (na nakatira sa Australya) ay nag-ampon ng isang bata mula sa ibang bansa na ipinadaan sa pamamagitan ng mga awtoridad sa pag-aampon ng Australya. • Ang expatriate na pag-aampon ay nangyayari kapag ang isang Australyano ay nag-ampon ng isang bata habang siya ay nakatira sa ibayong-dagat. Ang expatriate na pag-aampon ay may maraming mga kaakibat na peligro. Basahin ang karagdagan sa www.smartraveller.gov.au/before-you-go/activities/adoption Upang malaman ang tungkol sa Intercountry Adoption Program ng Pamahalaang Australya, bisitahin ang www.dss.gov.au/intercountry-adoption.	 Video files available here.

Mga peligro sa expatriate na pag-aampon	Nagbabalak ka ba na mag-ampon habang nakatira sa ibayong-dagat? Ang karamihan sa mga nag-aampon na magulang ay magagaling ang intensyon. Ngunit maaaring hindi nila nauunawaan ang mga kaugnay na kahirapan at peligro sa mga kinagagawiang gawain sa ibayong-dagat tungkol sa pag-aampon. Tiyakin na alam mo ang mga peligro. Bisitahin ang www.smartraveller.gov.au/before-you-go/activities/adoption Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang katunayang pahina: www.dss.gov.au/intercountry-adoption/resource/expatriate-adoption-factsheet	 Video files available here.
Mga peligro sa expatriate na pag-aampon	Kung ikaw ay Australyano na naninirahan sa ibayong-dagat at isinaaalang-alang na mag-ampon ng isang bata, mahalagang nauunawaan mo ang mga peligro. Sa isang expatriate na pag-aampon, ang mga Australyanong awtoridad sa pag-aampon ay hindi makakapagsagawa ng mga naturang pagtatasa o pag-aapruba na kinakailangan ng mga batas ng Australya. Kung wala ang ganitong mga pagsusuri, maaaring hindi natutugunan ng pag-aampon ang mga legal na kinakailangan para kilalanin itong bata sa pagbabalik sa Australya. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang katunayang pahina www.dss.gov.au/intercountry-adoption/resource/expatriate-adoption-factsheet at bisitahin ang www.smartraveller.gov.au/before-you-go/activities/adoption	 Video files available here.

Hindi kinikilala ang expatriate na pag-aampon	Ang ilang mga Australyano na nag-ampon ng bata habang siya ay nakatira sa ibayong-dagat ay maaaring mamulat sa isang gipit na katayuan sa pagbabalik sa Australya. Panoorin para malaman ang mga peligro sa expatriate na pag-aampon. Ang mga Australyanong nagbabalak na mag-ampon mula sa ibayong-dagat ay dapat na padaanin ito sa pamamagitan ng intercountry adoption program ng Australya. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.dss.gov.au/intercountry-adoption.	 Video files available here.

Nais mong dagdagan ang iyong kaalaman? Kontakin kami:

Email info@intercountryadoption.gov.au